# *Ministeryo Yugto 3*

***"1 At yamang kalakip niyang gumagawa ay ipinamamanhik din namin sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Dios na walang kabuluhan. 2 (Sapagka't sinasabi niya, Sa panahong ukol kita'y pinakinggan, At sa araw ng pagliligtas kita'y sinaklolohan: Narito, ngayon ang panahong ukol; narito, ngayon ang araw ng kaligtasan):3 Na di nagbibigay ng kadahilanang ikatitisod sa anoman, upang ang aming ministerio ay huwag mapulaan; 4 Datapuwa't sa lahat ng mga bagay ay ipinagkakapuri namin ang aming sarili, gaya ng mga ministro ng Dios, sa maraming pagtitiis, sa mga kapighatian, sa mga pangangailangan, sa mga paghihinagpis, 5 Sa mga latay, sa mga pagkabilanggo, sa mga kaguluhan, sa mga gawa, sa mga pagpupuyat, sa mga pagaayuno; 6 Sa kalinisan, sa kaalaman, sa pagpapahinuhod, sa kagandahang-loob, sa Espiritu Santo, sa pagibig na hindi pakunwari, 7 Sa salita ng katotohanan, sa kapangyarihan ng Dios; sa pamamagitan ng mga sandata ng katuwiran sa kanan at sa kaliwa, 8 Sa pamamagitan ng karangalan at ng kasiraang puri, sa pamamagitan ng masamang ulat at ng mabuting ulat; gaya ng mga magdaraya gayon ma'y mga mapagtapat; 9 Waring hindi mga kilala, gayon ma'y mga kilalang mabuti; tulad sa nangaghihingalo, at narito, kami ay nangabubuhay; gaya ng mga pinarurusahan, at hindi pinapatay; 10 Tulad sa nangalulungkot, gayon ma'y laging nangagagalak; tulad sa mga dukha, gayon ma'y nangagpapayaman sa marami; gaya ng walang anomang pag-aari, gayon ma'y mayroon ng lahat ng mga bagay. 11 Ang aming bibig ay bukas para sa inyo, Oh mga taga Corinto, ang aming puso ay lumalaki. 12 Hindi kayo nangakasisikip sa amin, kundi nangasisikipan kayo sa inyong sariling pagibig. 13 Kaya nga bilang ganti sa gayong bagay (nangungusap akong gaya sa aking mga anak), ay mangagsilaki naman kayo.: (2 Corinto 6:1-13 KJV)***

Magpapatuloy tayo sa mensaheng ito upang sabihin ang tungkol sa ministeryo. Sa talata 3 mababasa natin, ***"Na di nagbibigay ng kadahilanang ikatitisod sa anoman, upang ang aming ministerio ay huwag mapulaan;"*** Ang Griyegong salita para sa **'ministeryo'** dito ay **'Diakonia'**. Hinarap dito ni Apostol Pablo ang isang mahalagang isyu upang ang ministeryo ay huwag mapulaan, Nang magsimulang ituro ng mga tao ang ilang pangyayari bilang negatibong bagay para ipawalang-bisa ang ministeryo. Maaaring sisihin ang ministeryo sa isang kasalanan, pagkakamali, isang pagkakasala o dahil mali ang opinyon at hindi pagkakaunawa ng mga tao. Ngunit ang inaasahan ng Dios mula sa simbahan at ministeryo ay ang ibalik ang mga bagay pabalik sa kung ano ang dahilan upang maalis ang sisi, na nangangahulugang dapat nating gawin ang lahat upang mawala ang sisi.

***"1 At yamang kalakip niyang gumagawa ay ipinamamanhik din namin sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Dios na walang kabuluhan." (2 Corinto 6:1 KJV)*** Lagi nating alalahanin na tayo'y manggagawa ni Cristo, kaya ating unawain na tinanggap natin ang biyaya ng Dios para sa tiyak na layunin, hindi lamang upang maligtas kundi maglingkod sa Dios at makipagtulungan sa Kanya, Sa gayong kalagayan huwag dapat nating abusuhin ang biyaya ng Dios at gawin ang mga bagay na hindi tama sa paningin ng Dios. Itigil ang pagkakasala at magsisi upang ang ministeryo ay hindi sisihin.

Ating alalahanin na tayo'y bagong nilalang, ***"17 Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago. (2 Corinto 5:17 KJV)*** At tayo ay mga sugo ni Cristo, nagsusumamo sa mga tao sa pangalan ni Cristo upang makipagkasundo sa Dios, ***"20 Kami nga'y mga sugo sa pangalan ni Cristo, na waring namamanhik ang Dios sa pamamagitan namin: kayo'y pinamamanhikan namin sa pangalan ni Cristo, na kayo'y makipagkasundo sa Dios." (2 Corinto 5:20 KJV)*** Samakatuwid, tandaan natin na tayo ay isang bagong nilikha, at tayo ay mga sugo ni Cristo, na nagsusumamo sa mga tao sa pangalan ni Jesus na makipagkasundo sa Dios, samakatuwid tayo mismo ay kailangang maging tunay na huwarang halimbawa sa kanila.

***"2 (Sapagka't sinasabi niya, Sa panahong ukol kita'y pinakinggan, At sa araw ng pagliligtas kita'y sinaklolohan: Narito, ngayon ang panahong ukol; narito, ngayon ang araw ng kaligtasan): " (2 Corinto 6:2 KJV)*** Tinanggap na tayo'y kay Cristo at marami na tayong natulungan at nailigtas sa pamamagitan ni Cristo. Ngayon, ito ang panahon na kumikilos ang Dios upang dalhin ang kaligtasan sa sangkatauhan, at tayo ang mga kasangkapan na ginagamit ng Dios upang dalhin iyon. Kaya nga pahalagahan natin ang lahat ng kabutihan ng Dios sa atin at maging tapat din tayo sa Kanya, at makipagtulungan sa Kanya upang maging mabuting halimbawa sa iba na inaabot sila ng Dios sa pamamagitan ng ating buhay at ministeryo.

***"3 Na di nagbibigay ng kadahilanang ikatitisod sa anoman, upang ang aming ministerio ay huwag mapulaan;" (2 Corinto 6:3 KJV)*** Hindi tayo dapat maging sagabal sa iba sa anumang paraan upang hindi sisihin at akusahan ang ministeryo. Ang Salita ng Dios ay laging papatnubayan tayo kung paanong maiiwasan ang gayong mga sitwasyon at kung paanong haharapin ang mga ito. Ipinaliwanag ni Pablo kung paanong maiiwasan iyon at kung paano ito babaligtarin kung nangyari iyon.

Ang Griyegong salita para sa **'mapulaan'** ay **'momaomai'**, at ibig sabihin ay masisi, makitaan ng mali, o kutyain. Kaya higit sa lahat maaaring walang kasalanan mula sa panig ng simbahan, ngunit ang mga tao ay

humanap ng anumang bagay laban sa simbahan na sinusubukang alisan ng karapatan ang simbahan. Bakit? Upang bigyang katwiran ang kanilang pagsuway, at upang bigyang katwiran ang kanilang hindi pagpayag na manatili sa katotohanan at maglingkod sa Dios.

Ang salitang **'momaomai'** o **'mapulaan'** ay inulit sa ibang dako, ***"16 Datapuwa't salamat sa Dios, na naglalagay sa puso ni Tito niyaong masikap na pagiingat sa inyo. 17 Sapagka't tunay na tinanggap niya ang aming pamanhik, nguni't palibhasa'y lubha siyang masikap, ay napariyan sa inyo sa kaniyang sariling kalooban. 18 At sinugo naming kasama niya ang kapatid na ang kaniyang kapurihan sa evangelio ay sa lahat ng mga iglesia; 19 At hindi lamang gayon, kundi siya naman ang inihalal ng mga iglesia na maglakbay na kasama namin tungkol sa biyayang ito, na pinangangasiwaan namin sa ikaluluwalhati ng Panginoon, at upang ipamalas ang aming sikap: 20 Na iniilagan ito, na sinoma'y huwag kaming sisihin tungkol sa abuloy na ito na aming pinangangasiwaan: 21 Sapagka't iniisip namin ang mga bagay na kapuripuri, hindi lamang sa paningin ng Panginoon, kundi naman sa paningin ng mga tao. 22 At aming sinugong kasama nila ang aming kapatid, na aming nasubok na madalas na masikap sa maraming bagay, datapuwa't ngayon ay lalo nang masikap, dahil sa malaking pagkakatiwala niya sa inyo. (2 Corinto 8:16-20 KJV)*** Sinabi dito ni Apostol Pablo sa talata 20, ***"na sinoma'y huwag kaming sisihin"***, hindi dahil sa anumang kasalanan o pagkakamali na ginawa niya. Ginagawa ni Pablo ang kalooban mismo ng Dios sa paglikom ng pananalapi para tulungan ang mga banal sa Jerusalem. Bakit may kasalanan ang mga tao kay Pablo at sa mga kapatid na kasama niya? Na tila may mapupuna sa ginagawa ni Pablo, alinman dahil sa ilang mga tao na masuwayin o hindi handang magbigay, o dahil sa galit, pagiimbot o pananaghili, o dahil sa kawalang kaganapan at kawalang kaalaman sa Salita ng Dios, o dahil ng walang pagkakaunawa at walang sapat na pakikipag ugnayan, o dahil sa kawalan ng tiwala sa mga kapatid na namumuno sa ministeryong iyon.

Maari ring sa ibang dahilan sa likod na paninisi tulad ng maling motibo o pagibig sa salapi, ngunit ang punto na kailangang bigyaang diin natin dito ay yaong sisi ay hindi dahil sa pagkakamali o kasalanan kay Pablo at sa mga kapatid na kasama niya. Ngunit maitimtim na dinibdib iyon ni Pablo dahil ang ministeryo ay kalaunang naapektuhan kapag ito'y sinisi. Sa parehong paraan kailangan nating kunin ang lahat ng posibleng hakbang upang ang ministeryo at ang ating paglilingkod sa Dios ay hindi mapulaan o masisi tungkol sa isang masamang paraan.

Si Apostol Pablo ay gumawa ng tiyak na hakbang upang ipadala si Tito sa simbahan sa Corinto para sa layuning iyon at siya ay nagsugo kasama niya ng isang kapatid na iminungkahi at hinirang ng mga simbahan, upang ang katotohanan ay mapanatili at lalo na iyon ay ginanap ng dalawang tao na kilala sa kanilang mabuting reputasyon at katapatan sa Dios at sa Kanyang simbahan, upang ang sumusunod ay maibigay, ***"21 Sapagka't iniisip namin ang mga bagay na kapuripuri, hindi lamang sa paningin ng Panginoon, kundi naman sa paningin ng mga tao." (2 Corinto 8:21 KJV)*** Ang kailangan nating maunawaan dito ay yaong maiwasang ang ministeryo ay mapulaan at maakusahan, kailangan nating batahin ang labis na pighati at dapat nating gawin ang tiyak na mga bagay upang ang ministeryo ay hindi masisi ng iba. Hindi sapat na gawin ang tama sa paningin ng Dios, kundi kailangan nating gawin ang kung anong mabuti sa paningin ng mga tao, at gumawa ng mga hakbang upang hindi tayo masisi ng iba.

***"4 Datapuwa't sa lahat ng mga bagay ay ipinagkakapuri namin ang aming sarili, gaya ng mga ministro ng Dios, sa maraming pagtitiis, sa mga kapighatian, sa mga pangangailangan, sa mga paghihinagpis, (2 Corinto 8:21 KJV)*** Kailangan nating gawing possible upang patunayan ang ating sarili bilang mga ministro, at lingkod ng Dios. Kailangan mong magsisi sa anumang kasalanan na kailangan mong pagsisihan, talidan mo ang mga paglabag, itama ang iyong mga pagkakamali, at gawin ito upang muling magningning ang liwanag ni Cristo sa pamamagitan ng iyong buhay sa mga taong nakapalibot sa iyo. Gagawin natin ang mga ito sa paraang ito:

1. "***sa maraming pagtitiis":*** Kailangan nating palawakin ang ating pagtitiis at pagtitiyaga.
2. ***"sa mga kapighatian":*** Kailangan nating batahin ang mga paghihinagpis at pagsubok.
3. ***"sa mga pangangailangan":*** Maging tayo ay nasa lubhang pangangailangan, kailangan pa rin nating kumilos sa isang karapat dapat na paraan.
4. ***"sa mga paghihinagpis":*** Kahit na sa kalagayan na lampas sa ating kontrol at kakayahan ay tinawag pa rin tayong magtiis at patuloy na maglingkod sa Dios.

***"5 Sa mga latay, sa mga pagkabilanggo, sa mga kaguluhan, sa mga gawa, sa mga pagpupuyat, sa mga pagaayuno;" (2 Corinto 6:5 KJV)***

5. ***"Sa mga latay":*** Pagtanggap na latayin at huwag gumanti.
6. ***"sa mga pagkabilanggo":*** Pagtanggap sa pag uusig at kahit sa pagkabilanggo kung tayo'y nahaharap.
7. ***"sa mga kaguluhan":*** Ang mga kaguluhan o mapanghamong pagsubok. Maging sa mga kaguluhan o mapanghamong pagsubok, tinatawag tayong panatilihin ang ating ministeryo at huwag iwanan ang ating posisyon at paglilingkod.
8. ***"sa mga gawa":*** Upang higit na ilaan ang pisikal na kalakasan sa tuwing kinakailangan.

9. ***"sa mga pagpupuyat":*** Pamumuhay sa buhay pananalangin at paglalaan ng wastong oras sa paanan ni Jesus.
10. ***"sa mga pagaayuno":*** Tinawag tayo upang mag ayuno lalo na sa pagharap sa mga kaguluhan, kapighatian o mapanghamong mga pagsubok.

***"6 Sa kalinisan, sa kaalaman, sa pagpapahinuhod, sa kagandahang-loob, sa Espiritu Santo, sa pagibig na hindi pakunwari." (2 Corinto 6:6 KJV)***

11. ***"Sa kalinisan":*** Sa pagpapadalisay ng ating mga puso, pagpapadalisay ng ating mga motibo at pagpapadalisay ng ating mga kamay.
12. ***"sa kaalaman":*** Sa tiyak na mga pagkakataon kapag nalaman natin ang katotohanan mula sa Salita ng Dios sa Bibliya, ginagawang mas madali para sa atin na tanggapin ang ating pinagdaraanan mula sa mga pagsubok.
13. ***"sa pagpapahinuhod":*** Ang mahabang mga pagsubok at ang ating pagtitiis sa ganitong pagsubok ay makakadagdag sa atin ng kredibelidad. Ang Dios ang magsasalita sa mga tao para sa atin at ang Dios ang magpapahanga ng mas mabuting bagay tungkol sa Kanyang simbahan at ministeryo habang pinahaba natin ang ating pagtitiis sa ilalim ng pagdurusa.
14. ***"sa kagandahang-loob":*** May tiyak na mga gawain at paglilingkod na inihanda ng Dios para sa atin at kailangan nating gawin ang mga ito. Ang ganitong mga gawa ay mag aalis ng mga sisihan. Hindi sa inaaring ganap natin ang atng mga sarili, kundi ang Dios ang magbibigay ng katwiran sa atin sa harap ng mga tao sa Kanyang takdang panahon kapag sinunod natin ang Kanyang mga tagubilin at tanggapin na dumaan nang masaya sa masasakit na pagsubok na Kanyang ibinigay Niya sa atin upang pagdanaanan at gawin ang mga gawaing nais Niyang gawin natin.
15. ***"sa Espiritu Santo":*** Kailangan nating magtiwala sa Espiritu Santo na Siya ang magsasalita para sa atin Kailangan nating hayaan ang Banal na Espiritu na kunin tayo, hulmahin tayo at gamitin tayo para sa Kanyang kaluwalhatian lamang.
16. ***"sa pagibig na hindi pakunwar":*** Dapat magkaroon tayo ng tunay na pagibig at huwag magtakip ng pagkukunwari, Dapat nating gawin ang mga tunay na mga pagkilos dahil sa pagibig at mabuting pagmamalasakit sa mga tao.

***"7 Sa salita ng katotohanan, sa kapangyarihan ng Dios; sa pamamagitan ng mga sandata ng katuwiran sa kanan at sa kaliwa," (2 Corinto 6:7 KJV)***

17. ***"Sa salita ng katotohanan":*** Totoo at tapat na Salita na kailangan nating ipangaral at ituro, at dapat patuloy nating ibigay ang Salita ng Dios, ang Rhemang mensah na magmumula sa Banal na Espiritu.
18. ***"sa kapangyarihan ng Dios;":*** Nais ng Dios na magtiwala sa Kanyang kapangyarihan upang makamit ang mga bagay at magawa ang mga pagbabago.
19. ***"sa pamamagitan ng mga sandata ng katuwiran sa kanan at sa kaliwa":*** Hindi tayo gumagamit ng mga sandata sa ating mga kamay, ngunit dala natin ang sandata ng katuwiran, sa paggawa ng matuwid at mabuti sa iniutos ng Dios na gawin at sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus na namatay para sa ating mga kasalanan upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan.

***"8 Sa pamamagitan ng karangalan at ng kasiraang puri, sa pamamagitan ng masamang ulat at ng mabuting ulat; gaya ng mga magdaraya gayon ma'y mga mapagtapat; (2 Corinto 6:8 KJV)***

20. ***"Sa pamamagitan ng karangalan":*** Alinmang tayo'y parangalan o hindi, tayo ay tinawag upang magtiyaga at gawin ang mga gawa at mamuhay ng matuwid. Kahit ang mga tao ay hindi tayo parangalan kailangan pa rin nating gawin ang mga gawain ng Dios.
21. ***"at ng kasiraang puri, sa pamamagitan ng masamang ulat at ng mabuting ulat":*** Alinmang tayo'y mapaulat ng mabuti o masamang tao, kailangan pa rin nating magtiis at dumaan at gawin ang ating atas nang maayos. Anumang ipangalan ng mga tao sa atin, mabuti man o masama, iyon pa dapat ang magsusulong sa atin na gawin ang mabuti at matuwid sa paningin ng Dios.
22. ***"gaya ng mga magdaraya gayon ma'y mga mapagtapat":*** Maging tayo ay binansagang mandaraya, patuloy na mamuhay at kumilos bilang mga lingkod ng Dios.

***"9 Waring hindi mga kilala, gayon ma'y mga kilalang mabuti; tulad sa nangaghihingalo, at narito, kami ay nangabubuhay; gaya ng mga pinarurusahan, at hindi pinapatay;" (2 Corinto 6:9 KJV)***

23. ***"Waring hindi mga kilala, gayon ma'y mga kilalang mabuti":*** Kahit sa walang kumikilala sa atin, patuloy pa rin nating ibabahagi ang mabubuting bagay at binabago ang sanglibutang nakapalibot sa atin.
24. ***"tulad sa nangaghihingalo, at narito, kami ay nangabubuhay":*** Kahit na tayo'y halos patay na sa pisikal at walang lakas, ngunit tayo' y nabubuhay at gumagawa ng mga dakilang bagay.
25. ***"gaya ng mga pinarurusahan, at hindi pinapatay":*** Kahit na tayo'y tumatanggap ng kaparusahan at ng kapighatain mula sa masasamang tao, kailagan pa rin nating mamuhay sa isang disiplinadong buhay, at pamumuhay sa Salita ng Panginoon.

***"10 Tulad sa nangalulungkot, gayon ma'y laging nangagagalak; tulad sa mga dukha, gayon ma'y nangagpapayaman sa marami; gaya ng walang anomang pag-aari, gayon ma'y mayroon ng lahat ng mga bagay." (2 Corinto 6:10 KJV)***

26. ***"Tulad sa nangalulungkot, gayon ma'y laging nangagagalak":*** Sinanay natin ang ating sarili, kahit na tayo'y nangangalungkot, gayon man ay may kagalakan at nagbubunyi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.
27. ***"tulad sa mga dukha, gayon ma'y nangagpapayaman sa marami":*** Maaring wala tayong ganoong materyal na mga bagay, ngunit sa mabuting pamamahagi ng Salita ng Dios pinapayaman natin ang iba at pinagiginhawa mula sa epekto ng mg kasalanan at sa katigasan ng mga pagsubok,
28. ***"gaya ng walang anomang pag-aari, gayon ma'y mayroon ng lahat ng mga bagay":*** Sa mga bagay ay maaring wala tayong marami, ngunit nagtataglay tayo ng maraming bagay sa pamamagitan ng pananampalataya sa Dios at sa pag asa sa lahat ng Kanyang mabubuting pangako.

29. ***"11 Ang aming bibig ay bukas para sa inyo, Oh mga taga Corinto, ang aming puso ay lumalaki." (2 Corinto 6:11 KJV)*** Ang mga may ayaw sa atin, kailangan pa rin nating ibuka ang ating mga bibig at sabihin sa kanila ang mabubuting bagay, at buksan ang ating mga puso sa kanila nang may pagibig at kagandahang loob.

30. ***"12 Hindi kayo nangakasisikip sa amin, kundi nangasisikipan kayo sa inyong sariling pagibig." (2 Corinto 6:12 KJV)*** Hindi natin pinipilit ang mga tao, ngunit sila'y ginigipit sa pamamagitan ng kanilang sariling mga emosyon at mga hangarin. Kailangan nating maunawaan na ang ilang porsyento ng ating mga pagsubok at pagdurusa ay dahil sa maling emosyon at maling pagnanasa ng mga tao sa paligid natin, at sa atin, dahil sa Salita ng Dios na tinanggap nila mula sa atin at hindi sila handang magbago.

***"13 Kaya nga bilang ganti sa gayong bagay (nangungusap akong gaya sa aking mga anak), ay mangagsilaki naman kayo." (2 Corinto 6:13 KJV)*** Sa pagpapakita sa kanila ng mabuting halimbawa at patuloy na paggawa ng mga mabuting gawa, kinakausap natin sila at hinihiling na hayaang lumaki ang kanilang puso, magsisi at tanggapin tayo at ang Salita ng Dios na ibinibigay natin sa kanila.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Sa ating natutunan ngayon mula sa Salita ng Dios ay isang totoong hamon sa atin. Ang Salita ng Dios ay dapat tumunaw sa atin, humubog sa atin, at gawin tayong ilagay ang ating sarili sa kung ano ang nais ng Diyos na maging tayo. Pagnilayan ang mensahe, pakinggan itong muli, basahin ito muli at simulang ipamuhay ito sa iyong buhay at ministeryo. Manalangin tayo ... .
***Ang Panalangin:*** Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa ministeryo na ipinagkatiwala mo sa akin at salamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin ng iyong mga landas at kung ano ang kailangang mong gawin ko sa ministeryo.

Aminin natin at talikuran ang ating mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang iyong kasakiman, katamaran, pagiging makamundo at pagmamahal sa materyal na mga bagay. Ipagtapat at talikuran ang iyong hindi pagpayag na maglingkod at magdusa para kay Cristo at tulungan ang pamilya ng pananampalataya. Ipagtapat at talikuran ang iyong pag iimbot at paninibugho, maling motibo at pagibig sa pera. Ipagtapat at itakwil ang iyong kawalan ng pagmamahal at habag upang maabot ang mga naliligaw na mga kaluluwa at ibigay sa kanila ang evangelio. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagsuway at ang iyong hindi pagpayag na maglingkod at magdusa para kay Cristo at tulungan ang pamilya ng pananampalataya. Magtapat at talikuran ang iyong pakikisama sa mga hindi mananampalataya pagsasayang ng oras sa Media, Balita at mga laro. Ipagtapat at itakwil ang iyong masamang katiwala at ang iyong masamang halimbawa sa iba. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na mga kasalanan, paglabag at pagkakamali ___________________________.

Panginoon linisin ang aking puso at panibaguhin ang aking isipin. Iniaalay ko ang mga bahagi ng aking katawan bilang isang buhay na handog upang paglingkuran ka at gawin ang gawain mo nang ganap ayon sa iyong itinakda na maging. Panginoon bigyan ako ng mabuting kalusugan; lakas at pagtitiyaga upang patuloy na maging mabunga at epektibo hanggang sa dumating ka at kunin ako. Panginoon, nagpapasalamat ako sa iyo at pinupuri kita sa iyong Salitang ito sa akin. Panginoon puspusin mo ako ng Banal na Espiritu at bigyan mo ako ng mga espirituwal na kaloob na kailangan ko upang yumaon at maglingkod sa iyo at ipalaganap ang iyong Salita sa mga naliligaw.

Panginoon salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi at nagtalaga ng kanilang buhay sa mga alituntunin ng iyong Salita na ito sa mensaheng ito. Panginoon ipinagdarasal ko sila na puspusin mo sila ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng mga Espirituwal na kaloob na kailangan nila upang mag evangelio at gumawa ng mga bagong disipulo. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon gawing mabuting halimbawa ang kanilang buhay sa iba, upang ang mga tao sa paligid nila ay maakit sa iyo at maging bahagi ng iyong Kaharian.

Panginoon ipinapangako namin na magparami ng mas maraming bunga ng espiritu; pag ibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kabaitan, pananampalataya, kaamuan, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis at pagpipigil sa sarili. Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at ipagkaloob sa amin ang mga espirituwal na kaloob na kailangan natin upang magpatuloy at gumawa ng mga disipulo sa lahat ng bansa. Panginoon paging dapatin kami upang ipahayag ang iyong Salita nang lubos sa mga taong iyong ipinapadala sa amin. Panginoon paging dapatin kami upang mag evangelio at upang maabot ang mga naliligaw at bagong lugar ng Evangelio ni Jesus. Panginoon tulungan kaming magtanim ng mga bagong pag aaral ng Bibliya, bagong mga kapisanan para sa simbahan, at magtatag ng maraming mga alagad at maggagawa upang paglingkuran ka. Panginoon patuloy kaming protektahan at ilaan ang lahat ang aming pangangailangan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com